# *Sa Kadesh-Barnea*

Natatakot siya, ang puso niya'y parang pumipintig nang siyamnapung milya kada oras, tila ba. Nasa bahay siya kanina, at nasa loob siya ng silid at sinusubukang higingan 'yun at para paginhawain 'yun.

2 At, buweno, naalala ko tuloy si Kapatid na Moore, noong ang anak niyang lalaki, sabi nito pangarap niyang mangaral. Mga pito o walong taong gulang lang siya, panay ang sabi niya, "Tatay, gusto kong mangaral." Kaya isang gabi, sa harap ng kongregasyon, sabi ni G. Moore, "Ngayon, mga kapatid," sabi, "Si David po, ay nakaupo rito," nakaupo siya roon na tila isang matagal nang mangangaral, alam n'yo, at nakataas ang ulo. Sabi niya, "Nais daw niyang mangaral nang kaunting sandali, ngayong gabi." Kaya, pumunta ang bata sa entablado. Maliksi siyang tumayo mula sa upuan niya't, dali-daling pumaroon, alam n'yo, at huminto. At sa isip-isip niya'y madali niya lang na gagawin 'yun. Tapos pumaling siya sa isang gawi, tapos sa kabila, sabi, "Hindi pala kaya," bumalik na't naupo.

3 Marami na akong nakita na ganoon, na naiisip ko na di yata kakayanin. Pero sadya ngang . . . Ayos lang 'yun, siyanga.

4 Ang mga nanay nila'y umaawit-awit para sa amin dati, sina Mabel at Meda. Parang gusto ko ngang marinig silang umawit uli sa susunod, hindi po ba't ibig n'yo rin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Gusto ko ngang marinig sila na umawit. Marahil puwede nating ipag-duweto sila sa susunod na Linggo ng gabi, at awitin nila 'yung awit nila sa akin na kinakanta nila kapag umaalis ako ng simbahan. Naalala n'yo ba 'yung kapag, ano nga—ano nga uli 'yun?

> The sands has been washed in the footprints,
> A Stranger . . .

At pagkatapos:

> They'll come from the East and West, (Parang ganoon po.)
> To feast with the King, to dine as His guest.

5 Para po yatang ganoon. Gusto ko ngang marinig sila. Ilan sa inyo ang ibig na marinig sila, sige't sa susunod sa Linggo ng gabi, kung nandito tayo? Gusto n'yo po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, sige. Mabel, nandito ka ba? Nandito ba siya, Doc? Sige't narinig niya, at si Meda naman ay nasa likuran, kaya puwede silang makapag-ensayo nang kaunti. Dahil, ang mga bata pong babae ay mawawalay muna sa kanila, nang kaunti, di po ba? Sige. Mag-eensayo sila nang kaunti, at ihahanda 'yun para sa susunod na sanlinggo.

6 Ngayong gabi, sa pagpunta rito, at kani-kanina lang, ang pamilya po'y umalis, at naiwan akong mag-isa sa Panginoon, ako po'y nakapanalangin nang kaunti. Nadaanan ko sa aking pagmamaneho itong lumang tabernakulo at natanaw ko ang mga kotse na nakaparada rito. Alam n'yo, pinanunumbalik nun ang mga matatandang alaala, nang matagal nang panahon, na tayo po'y nagdadaos, dito noon, nagpupunta rito, nagdadaos tayo ng dakilang mga gawain, at umaabot pa nga 'yun hanggang alas dos at alas tres ng umaga. Ang mga tao'y nakaupo sa paligid, na sama-sama.

7 Alam n'yo, marami sa mga datihan na ang narito na sa libingan ngayon. Ang ibig ko pong sabihin ay ang kanilang katawan, pero sila'y nasa Kaluwalhatian na. At ang mga sunod na henerasyon ay patuloy na tumatanda, ang mga dating bata'y tumatanda na. Hindi magtatagal at tayo man ay yayao na rin. Ang ibang henerasyon ang. . .ang kasunod, ang mga bata, ang hahalili sa lugar natin. Kaya marapat sa atin na mamuhay araw-araw, hindi po ba, na para lamang sa Panginoon, sa Kanya lamang.

8 Ngayon, alam ko na bukas ay araw ng trabaho ng mga tao na kailangan nilang lumakad at magpunta sa trabaho. Kaya tayo'y. . .sisikapin nating magpalabas nang maaga ngayong gabi. Yun po bang gawain ng pagbabautismo, may kasunod pa po ba 'yun? Sige.

9 Ngayon, itong pinagpalang matandang Biblia ay ang mapa ng daan patungong. . .mula sa kuna patungong—patungong libingan, at patungong Langit, hanggang doon. At mahal na mahal natin Ito, dahil ang mga nilalaman Nito ay kung saan natin matatagpuan ang plano ng kaligtasan para magligtas maging hanggang dun sa pinaka malayo.

10 Ngayon, bago natin buklatin Ito, mangusap muna tayo sa May-Akda, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

11 Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Ka po namin, sa gabing ito, para sa lahat ng mga bagay na napangyari na, dito sa gawain, para sa mga himno at para sa mga. . .lahat po ng mga nangyari na. At lubos-lubos ang pasasalamat namin sa gabing ito na kami'y nakapagtipun-tipon sa ilalim ng bubong ng munting gusali na ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, kaakibat itong mapagbiyayang pangako, na, "Kung saan ang dalawa o tatlo ay nagkakatipon sa Aking Pangalan, Ako'y nasa kalagitnaan." At nababatid po namin na Ikaw ay narito.

12 At kami'y lubos na nagagalak na malaman, na, matapos ang labingsiyam na daang taon ng pangangaral ng Ebanghelyo, at—at hayan nga na ang kasaysayan ng mundo'y pabago-bago, pero ang sa Iyo ay nananatiling gayon pa rin. Magbago man ang panahon, magbago man ang sangkatauhan, magbago man ang

sambayanan, magbago man ang mga pagnanasa, at mga pag-uugali, pero Ikaw po'y nanatiling ganoon pa rin. At kami po'y lubos na nagagalak dahil dun, ngayong gabi, Ama.

13 Dahil, nagagalak kami na maaari naming basahin ang Iyo pong Salita, at makita kung ano Ka noon, at malaman na ang aming dinudulugan ay ang siya ring maibigin, mapagpatawad, at maunawaing Ama na minsang lumakad sa mabuhanging dalampasigan ng Galilea; ipinako sa krus, humalili sa lugar namin, at pinaging makasalanan na namatay sa krus, sa halip na kami, para kunin sa Sarili Niya ang aming mga kasalanan, para dalhin ang mga ito palayo, at ipinunta sa impyerno. At sinabi minsan ng propeta, "Hindi Ko iiwan ang kaluluwa niya sa impyerno, ni Aking titiisin ang Aking Banal na Yaon na makasumpong ng kabulukan." At nung ikatlong araw ay bumangon muli, at pumailanlang sa Kataasan, kung saan Ikaw po'y nakaupo ngayong gabi sa kanan ng Kadakilaan ng Diyos, para mamagitan sa aming pagpapahayag. At kami'y nagkaroon ng karapatan at pribilehiyo na ipahayag 'yun, ang aming sariling personal na pagmamay-ari na binili ng Iyong Dugo, lahat ng bagay na isinama Mo sa Iyong plano ng katubusan noong Ika'y mamatay at nagbayad-sala sa Kalbaryo.

14 At, ngayong gabi, Ama, humihiling po kami ng espesyal na pagpapala para sa bawat manlalakbay na nagtipun-tipon sa ilalim ng bubong na ito rito, ngayong gabi, sa tabernakulo.

15 Hinihiling po namin, din, Ama, na ang mga lalaki't babae, mga kabataang lalaki't kabataang babae, na nasa labas pa ng daong, ngayong gabi, na di Ka pa nakikilala. Dalangin namin na Ika'y sasama sa kanila, at palalapitin sila sa Iyo, ngayong gabi, at nawa'y kumatok sadya ang Espiritu Santo sa kanilang puso, at hikayatin sila patungo sa Diyos na aming Ama. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

16 Iyo pong pagpalain ang bawat iglesya at bawat pagtitipon na idinadaos sa buong mundo, ngayong araw at ngayong gabi. At nawa'y ang lahat ng mga ministro'y makasihan na sila'y mangaral, at ang puso't tainga ng mga tao'y matuli, para sila'y makapakinig at makaunawa, at ang Diyos ay tumanggap ng kaluwalhatian. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

17 At nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang pagpapala sa gabing ito, habang dumudulog tayo sa krus, para magturo nang kaunti ukol sa Salita. Ito po'y may pagka-Sunday school na aralin.

18 Alam n'yo, iniisip ko, kani-kanina, habang nakaupo roon. Alam n'yo, kahanga-hangang bagay marahil kung isang araw, kung. . .May malaki't bakanteng gusali, dito sa may bayan, na lumang Dream na teatro. Naisip ko na kasya't makauupo dun ang labing-limang daan hanggang dalawang libong tao.

At napaka inam po, kung makakapagdaos tayo, isang araw, o marahil sunud-sunod na ilang Linggo, mga limang sanlinggo siguro, at magdaos tayo ng Linggo ng hapon na gawain ng pagpapagaling, sa lumang Dream na teatro sa dako rito, at isahimpapawid ang gawain sa isa sa mga lokal na istasyon ng radyo, nang isang oras. Hindi naman kalakihan ang gastos; siguro po'y labing-siyam, dalawampung dolyar, parang ganun, ang isang oras. Ikinatutuwa ko po na magprisinta na bayaran ito, nang sarili ko, at kung itaguyod ito ng mga pagtitipon ko. Para lang po sa mga tao sa palibot dito para makadalo sila, at isa ngang mainam na dako ito na mapupuntahan nila, para sa mga akay.

19 At, alam n'yo, haya't nagalak ako nang husto sa mensahe ng ating pastor sa umagang ito, tungkol sa "panlalambat." At alam kong lahat kayo'y pinagpala. At siyanga. At—at kailangan nating mapadako ang mga isda sa lambat, gaya ng sabi niya. At tama po 'yun, kita n'yo, maidako ang mga isda sa lambat. At mangyari nga, na kung sama-sama tayo, tunay, makatitindig tayo.

20 Ngayon, ako, kagabi, nandun ako kila Kapatid na Junior Cash, sa palagay ko 'yun ang pangalan niya. Naimbitahan kami na mangusap para sa gawain niya, kagabi, at bumaba po ang Panginoon sa isang kahanga-hangang paraan. At may dinala sila roong batang babae. Yung bagay lang na kita ko agad, na natural namang pansinin, na makikita mo agad ng mata mo, ay dun sa entablado, naroon ang isang itim na babae na mula sa timog na bahagi ng Indiana, sa ibaba marahil ng New Albany o kung saan, haya't siya'y naaksidente noon, at napatid 'yung ugat niya sa tainga at sa boses, at di tuloy siya makasalita o makarinig. At may naipit ding ugat kung saan, na pumaralisa sa tagiliran niya. At ang batang babae, ang kanyang nanay, at hayun nga siya na may suot-suot na malaking bakal, siya po'y inaalalayan paakyat dun. Batang babae po, dalagita, at siguro po'y labing-anim, ganoon po ang edad. At ano't anuman, tila nga inilagay ng Espiritu Santo ang Aprika sa harapan ko. At ako'y tumingin dun.

21 At may pangitain ako na naisulat ko dito sa aklat, na ang pagbalik sa Aprika ay magiging mas higit kaysa sa naunang pagtitipon sa Aprika.

22 At mangyari nga, na di alam ng mga tao kung anong nangyayari, pero haya't may pangitain na bumantad. Tapos sabi ko, "Makalangit na Ama . . . "

23 Hindi nga sa tayo'y humihiling ng mga himala. Ang sabi ng Biblia, "Ang isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng mga himala." At hindi himala ang hanap-hanap natin, bagkus ang Diyos na nagpapamalas ng mga himala. Sa mismong sandali nga na 'yun na sinasabi Niya ito, Siya po'y nagpapamalas noon ng mga himala. Pero—pero kung 'yun ang

tuon natin, na basta may himala, basta may bagay na ipakita sa atin, isang katibayan na—na tayo'y ligtas, o kung anong tulad nun; hindi 'yan ang sinasaligan ko na mga katibayan. Ang sinasaligan kong katibayan na tayo'y ligtas, ay 'yung tayo po'y nanghahawakan sa Diyos sa Kanyang Salita. Yun ang pinaka mainam na nalalaman ko. At pagkatapos ang kasunod nga'y mga bunga.

24 Ngayon, hiniling ko sa Kanya kung Kanyang ipagkakaloob ito, bilang isang—bilang isang tanda na panahon na para bumalik sa Aprika; na, ang ating mga nakakaugnay dun ay nagiging mas matibay. At kaya nung ipinanalangin namin ang batang babae na 'yun, siya po'y nakakasalita na't nakakarinig at nakakakilos-kilos na. Kahanga-hanga pong tingnan ang bagay na nagagawa ng ating Panginoon.

25 Haya't nagagalak tayo nang lubos sa gabing ito para riyan, yamang nalalaman na may kalugud-lugod na tahanan, kung saan man ito, na maligayang-maligaya sa gabing ito na makita nila ang batang babaing 'yun. Papaano 'yun nangyari, samantalang ang mga ugat ay di mismo nakadugtong dun? Kita n'yo? Wala ngang paraan, ano't anuman. Wala, wala nga. Yun nga'y putol mismo at naipit pa, 'yung ugat na dumudugtong sa dila o sa boses, at sa pandinig. Na, kapwa 'yun tumutugaygay sa siya ring ugat, pero napatid nga 'yun sa aksidente. Pero, ang Diyos, sa kung anong paraan . . .

26 Ilan po ang nandun at narinig n'yo ang batang babae na nagsalita mismo? Sige't tingnan natin. Siyanga. At ang batang babae nga'y nakakapagsalita na't nakakarinig at nakaka-usap na.

*Ganito* pa nga 'yung sinabi ko. Sabi ko, "Naririnig mo ba ako?"

Sabi niya, "Opo."

"Sige't ngayon naman naririnig mo ba uli ako?" Sabi ko, "Sabihin mo nga, 'Mama.'"

Sabi niya, "Mama."

Sabi ko, "Sabihin mo, 'Jesus.'"

Sabi niya, "Jesus," at pagkatapos nun ay diretso na siya't nakipag-usap na.

27 Kaya, ang Panginoon ay talagang kahanga-hanga, Siya po ba? Puspos ng awa.

28 At mangyari nga na walang mga gawain ng pagpapagaling nang dalawang linggo, medyo lumulundag-lundag ang puso ko uli, handa na sa susunod na gawain.

29 Ngayon, doon po sa Aklat ng Mga Bilang. Gustung-gusto ko nga ang Lumang Tipan. At mag-aaral tayo ngayong gabi, dito ngayon sa Aklat ng Mga Bilang. Mga Bilang, sa ika-13 kabanata

at sa ika-30 talata, magbabasa tayo ng isang talata bilang pauna, at para sa pagsisimula.

30 At heto nga, kita n'yo, kung magbabasa tayo ng isang talata mula sa Biblia. . .Isang bagay po ang nalalaman ko: ang sarili kong salita ay mabibigo, dahil ako'y tao. Pero ang Salita ng Diyos ay hinding-hindi mabibigo, dahil Ito'y Salita ng Diyos. At, kaya, isang talata lang mula Rito ay magbibigay ng sapat na saligan na ang bawat tao na lumalapit ay pagpapalain, dahil sa pagbabasa lamang ng Salita.

Ngayon, sa ika-30 talata:

> *At pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni Moises, at sinabi, Ating akyating paminsan, at ating ariin ito; sapagka't. . .kaya nating lupigin ito.*

31 At nawa'y idagdag ng Panginoon ang mga pagpapala Niya sa Salita. Ngayon, ang paksa ko sa gabing ito ay: *Sa Kadesh-Barnea*. At itong paksang ito na titingnan nating maigi, para sa kaunting pambungad na tagpo, na dadalhin sa dako kung saan, kung loobin ng Panginoon. . .

32 Lahat po nito, hayan nga't, walang paunang pagplaplano. Sinasalita po ito sa pamamagitan ng inspirasyon, dito mismo habang ibinibigay ito. Ako nga po'y walang pagi-eskuwela para malaman kung paano ba ito ipapangaral. At sinubukan ko na po 'yan noon, apat o limang beses, at mas lalo ko pa ngang nagulo. Di ko—di ko alam kung paano ba gawin 'yun. Pero, tunay po na iniibig ko Siya, at ako'y nakadepende sa Kanya. At alam ko na lahat kayo'y ganoon, din.

33 Kaya, ngayon, sa pasimula, ito'y isang larawan, na ang Diyos. . .Isang dakilang dula ng Biblia, na iprinisenta ng Diyos dito para sa atin, para dun ay pagyamanin tayo. Sa tingin ko, doon sa mga Hebreo sa ika-10 kabanata, o ika-12 kabanata, ang sabi, "Tamang napapaligiran tayo ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi nating walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, para takbuhin nating may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin, at masdan natin ang may-akda at sumakdal ng ating pananampalataya, ang Panginoong Jesus Cristo."

34 Ngayon, ang buong Lumang Tipan, at ang lahat na mga tauhan Dito at mga ikinilos ng tao, ay paunang pagpapakita lang ng—ng kalso, o ng pangunahing bato, ng Bagong Tipan, na nagdugtong sa kautusan at sa dispensasyon na ito na maglakip. Maraming tao ang nagsasabing ito'y Cristianong dispensasyon, pero hindi po. Ito'y dispensasyon ng Espiritu Santo. Ang Cristianong dispensasyon ay umabot ng tatlong taon at anim na buwan. Ang kautusan ay umabot nang daan-daang taon. At hayan nga ang Cristianong dispensasyon na tumulay, o pangunahing batong ipinang-gitna, na nagdugtong sa Bago at Lumang Tipan na maglakip.

35 At maraming beses, sa Biblia, nakikita natin, at maraming beses na sinasabi, "Mga Gawa ng mga Apostol," na 'yun ang tawag. Mas gusto kong tawagin ito bilang "Mga Gawa ng Espiritu Santo sa mga Apostol." Dahil, ang mga apostol ay mga tao lamang, pero ang Espiritu Santo 'yun na nasa mga apostol, na naglalantad ng Kanyang pagkilos. At ang Espiritu Santo ay ang Espiritu ng Panginoong Jesus Cristo na bumaba sa Iglesya, para ipagpatuloy ang mga gawa ng Panginoong Jesus, sa Kanyang pag-alis. Yun ay para magbigay ng Ebanghelyong Liwanag, sa mas maliit na tanglaw, kumpara sa noong narito pa si Cristo.

36 Gaya nung buwan at nung araw. Lumilitaw ang buwan, na nagbibigay ng liwanag kapag wala ang araw, hanggang sa ang araw ay sumikat muli, tapos ang buwan ay mawawala. At ang araw ay isang mas maliwanag na tanglaw, na nagagawa nitong lumamlam ang liwanag ng buwan. Pero ano ba ang liwanag ng buwan? Yun nga'y ang aninag din ng araw sa buwan.

37 At 'yun ay katulad kay Cristo. Noong Siya'y narito, Siya ang Liwanag ng mundo. Umalis Siya, at nagpapaaninag sa Kanyang Iglesya, para paaninagin ang Kanyang Liwanag sa mundo ngayon, para magsilbing Liwanag na lalakaran hanggang sa Siya'y magbalik. At pagkatapos ang lahat-lahat ay ibibigay sa Kanya. At mauupo Siya sa luklukan ni Haring David, at maghahari nang magpakailan-kailanpaman.

38 Ngayon, ang Lumang Tipan bilang magandang tipo, atin ngang itinitipo roon at nakikita ang lahat ng mga bagay na ito na nangyari sa mga tao, nang sa gayon ay mabalikan natin ng tanaw bilang mga halimbawa.

39 Ngayon, ang Diyos sa pagiging makapangyarihang lubos, at gaya ng itinuturo ko kanina, sa isang bahay na naimbitahan akong magtanghalian. Gusto nilang malaman kung makikilala ba nila ang kanilang mga mahal sa buhay, kapag kinatagpo na nila sila sa Kaluwalhatian.

40 "Buweno," sabi ko, "tunay, makikilala natin sila." Kita n'yo, tayo—tayo ay nasa isang. . .

41 May tatlong iba't ibang katawan tayo na pinapanahanan. Ang isa ay ang mortal na tao, ang isa'y ang selestyal, at ang isa ay ang maluwalhati. At kaya kung kilala natin ang isa't isa sa katawang tao, sa mortal na katawan, gaano pa kaya na kilala natin, ang isa't isa, sa maluwalhating katawan!

42 Para po itong, kung ang batas ay nakakapagbunsod ng mainam na bagay, gaano pa kaya ang maibubunsod ng biyaya, dahil ito'y mas higit kaysa sa batas!

43 At kung ang buwan ay nakakapagpaaninag ng isang bahagi ng liwanag, gaano pa kaya ang araw na higit-higit ang liwanag nito rito, kapag ito'y sumikat! At kaya tunay na makikilala natin ang isa't isa.

44 At ngayon para po itong, gaya ng sinasabi ko, tumataas ang kaalaman natin, bilang mortal na tao. Mas maalam nga kayo ngayon kaysa sa noong maliit na batang lalaki kayo o babae, dahil kayo'y mas dumudunong. At ang buong sangkatauhan nga'y mas dumudunong. Pero, napansin n'yo ba, na sa kaharian ng mga hayop hindi sila nadadagdagan ng dunong? Alam n'yo, mas mainam ang bahay na tinitirhan n'yo ngayon kaysa sa lolo n'yo noon. At marahil ang mga anak n'yo ay titira sa mas mainam na bahay kaysa sa tinitirhan n'yo ngayon.

45 Mangyari nga na nito lang, naniniwala ako, sa *Reader's Digest* o kung saan, may binabasa akong isang artikulo tungkol sa isang ibong kuningilin na kinuha nila, at inilagay siya sa loob ng isang hawla, na walang anumang kagamitan dun para makagawa siya ng pugad. At kaya nangitlog ito sa pinaka sahig nung hawla. At napisa ang mga 'yun, lumabas ang mumunting mga kuningilin. At kinuha nila ang mumunting mga kuningilin at inilagay rin sila sa loob ng hawla, na wala pa ring anumang kagamitan sa loob para gumawa ng pugad. Noong mapisa na, hanggang makaabot sa labinglimang henerasyon, labinglimang iba't ibang henerasyon, para makita nila kung mababago pa ang kanilang kalikasan. Tapos, labinglimang taon nga ang inabot nun, dahil ang mga ibong kuningilin ay nangingitlog lang ng sampugad na mga itlog sa isang taon. At pagkatapos ng labinglimang taon, pinakawalan nila ang kasalukuyan doong mumunting mga kuningilin, 'yung mga anak-anak na, matapos ang—ang labinglimang taon, na wala nga silang dayami para makagawa ng pugad, o ano; at pinakawalan ang mumunting mga ibong kuningilin, at ang unang-unang bagay na ginawa niya'y lumipad at gumawa ng pugad. Gumawa ang mga ibon ng kanilang pugad gaya ng gawi nila noon sa halamanan ng Eden.

46 Pero ang tao'y patuloy na umuunlad, patuloy na nagiging mas maalam. Ang buong. . . Ang inyong lolo, gaya ng sabi ko noon, ay nakikipagkita kay lola, gamit ang isang karitela na hila-hila ng baka. Ang inyong tatay nama'y nakikipagkita noon kay nanay, na ang dala niya'y kabayo-at-kalesa. Ako nama'y nakikipagkita sa aking asawa, gamit ang isang model-T Ford. Ang anak kong lalaki'y may otso-silindrong speed-way, kung anuman ang tawag n'yo roon. Marahil ang mga apo ko'y gagamit na ng eroplanong jet.

47 Ganoon po 'yun, patuloy tayo sa pag-unlad, dahil mayroon tayong kaluluwa. Ngayon ang ibon ay walang kaluluwa. Pero tayo'y may kaluluwa. Hindi tayo manlilikha; pero atin ngang nababaluktot. Ngayon, hindi natin kayang lumikha ng punongkahoy; pero ang nagagawa nati'y kumuha ng kahoy, matapos na likhain 'yun ng Diyos, at gagawa ng bahay mula roon. Dahil, tayo'y mga anak ng Diyos, mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Kahit na gaano pang kalugmok ang pagkabagsak natin, kailangan pa rin nating kilalanin na tayo'y

mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Sa ating bagsak na kalagayan, tayo'y nananatiling mga anak na lalaki't mga anak na babae.

48 Nangako ang Diyos; kailangang tuparin ng Diyos ang pangako na 'yun. Oh, umaasa ako na nakikita n'yo. Kung mauunawaan n'yo lang, iglesya, sa gabing ito, at mapagtatanto, hindi na kayo lilipat-lipat mula sa isang haligi patungo sa isa pa, at makikianib sa iglesyang *ito* at sa iglesyang *'yun*. Hindi n'yo na hahanap-hanapin ang mga bagay ng mundo, para magbigay kaaliwan sa inyo. Hindi na kayo magpapalipat-lipat mula sa isang gawain ng pagpapagaling patungo sa isa pa. Magagawa n'yo nang panghawakan ang Diyos sa Kanyang Salita, at doon mismo'y alam n'yo na tapos na ito. Tunay. Kapag ang Diyos ay nangako, hinding-hindi Siya lalayo mula sa pangakong 'yun. Siya ay—Siya ay obligado na tuparin ang Kanyang Salita.

49 May narinig ako na nagsasabi, "Buweno, tumalikod na sila—tumalikod na sila sa pananampalataya, at bumalik lang." At marahil mangyayari 'yan sa inyo. "Buweno, naliligaw pa rin ako kahit nariyan ang Diyos." Kung kayo nga'y nasumpungan sa Kanya, hinding-hindi kayo maliligaw sa piling Niya, dahil hindi gagawin ng Diyos na ililigtas kayo at pagkatapos kayo'y tatalikuran Niya at itataboy. Kung ganoon ang gagawin Niya, kokontrahin Niya ang pinaka layunin Niya. Kaya, di Niya 'yun magagawa. Kaya kapag ang Diyos . . .

50 Tayo nga'y mas dumudunong, pero ang Diyos ay walang hanggan sa simula't sapul. Siya'y ganap. Hindi umaangat ang Kanyang nalalaman. Lagi Siyang 'yun pa rin. Kaya, kung may isang krisis na lilitaw, at ang Diyos ay *ganito-at-ganoon* ang ikikilos sa krisis na 'yun; mangyari nga na kapag lumitaw uli ang ganoong krisis, kung hindi pareho ang ikikilos Niya, mali ang ikinilos Niya noong una Siyang kumilos *dito*. Kita n'yo? Kaya Siya'y kinakailangan na pareho, sa tuwi-tuwina, anuman ang panahon.

51 At kung papaano naaatim ng mga tao na ipaliwanag at hamakin ang Kapangyarihan ng Diyos, di ko maintindihan. Dahil, kung si Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang Kanyang Kapangyarihan ay ganun pa rin, ang Kanyang pamamaraan ay ganun pa rin. At kung papaano Siya noon, Siya rin ngayon, at magiging ganoon magpakailanman. Wala akong bagay na maihahamak mula sa Kanya. Siyanga.

52 At kung Siya'y lumitaw sa mga araw ng Kanyang paglalakbay dito sa lupa, at nagpagaling ng mga maysakit na di na kayang solusyunan ng pangangalaga ng mga doktor, at sila'y pinagaling; kung Siya'y kumilos sa krisis na 'yun, kung Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, Siya

ay kikilos at kikilos sa siya ring paraan ngayon, o kung hindi'y mali ang ikinilos Niya noon sa mga tao. Kita n'yo?

53 Kung nagbitiw Siya ng pangako roon, at nanatili roon, tapos mangangako Siya *rito*, marapat lamang na manatili Siya roon. Marapat lamang Siya. Wala sa Diyos ang mali, o sa mga pangako man Niya. Ang mali ay nasa atin, dahil sa kakulangan ng pananampalataya para sampalatayanan ito, o kakulangan na manghawakan sa Kanya sa Kanyang Salita.

54 Ngayon, kita n'yo, kung mayroon tayong pag-iisip na tulad sa ibon, kikilos tayo na gaya nila na walang pagbabago gaya sa simula.

55 Pero, tayo nga'y tumatalino, may paliwanag lagi tayo sa lahat ng mga bagay, at sasabihin, "Oh, sa nagdaang panahon pa 'yan," at tuloy nagbubunsod tayo ng isa na namang uri ng kalagayan. Sa halip na panghawakan ang Diyos sa Kanyang Salita, tayo'y nagpapasimula ng isang bagong organisasyon. Kita n'yo? "Buweno, sa *ganitong* paraan kasi ito gagawin ng Diyos, at sa *ganyan* ito gagawin ng Diyos."

56 Kung tayo, ay katulad lang sana ng mga ibon, na hindi nagbabago, at wala sa batayan ng kalayaan na magpasya para sa sarili, panghahawakan talaga natin ang Diyos sa Kanyang Salita, at 'yun na 'yun, at ganun lang. "Sinabi na ng Diyos, kaya 'yun na 'yun." Grabeng ganda nga, na masumpungan na ang tunay at buhay na Diyos ay patuloy na nabubuhay pa rin hanggang ngayon. Sa gitna ng lahat ng kaguluhang ito, ang Diyos ay nabubuhay at naghahari.

57 Ngayon, itong tinipang bayan, ang Israel, sa dako ng—ng Egipto, dahil sa pagsuway, at pagbebenta sa kanilang kapatid na si Joseph. Haya't dinala sila sa Egipto, at lumagi roon ng apatnaraang taon, sa ilalim ng pagkaalipin. Gusto kong pansinin n'yo, na hindi nila naiwaglit ang kanilang tipan. Ang naiwaglit nila'y ang kalayaan nila, hindi ang kanilang tipan. Nung ang Diyos ay nakipagtipan kina Abraham, Isaac, at Jacob, na Siya'y nanumpa sa Sarili Niya na Kanyang ililigtas si Abraham at ang binhi nito sa mga susunod pa, ang Diyos ay obligado na tuparin ang pangako na 'yun.

58 At Siya'y obligado rin sa inyo, sa pangako na 'yan, kung papaano Siya kay Abraham, sa pangako na ito. Ganoon nga, kung kayo'y Binhi ni Abraham. Papaano kayo naging Binhi ni Abraham? "Tayo na mga patay kay Cristo'y kabilang sa mga Binhi ni Abraham," sabi ng Biblia, "at mga tagapagmana batay sa pangako," kaya ang Diyos ay ganoong kaobligado sa inyo kung papaano Siya noon kay Abraham. Haya't, maiwawaglit n'yan ang lahat ng takot! Ayaw ng Diyos na kayo'y matakot sa kung anu-ano. Maglumagak kayo sa kung ano ang sinabi Niya.

59 Ang kailangan natin ngayon ay isang tao na hahamon sa oras na kinabubuhayan natin. Tama. Sa panahon na ito na

ang di-pagkakaayon at lahat ay nakapasok na, sa pangalan ng relihiyon at kung anu-ano pa, at sa pangalan ng kaligtasan, sa pangalan ng Ebanghelyo. Kailangan natin ng isang tao na lilitaw sa kalagitnaan natin, katulad ng pagpapalitaw ng Diyos kay Moises para kunin ang posisyon na 'yun sa araw na 'yun noon. Oo.

60 Di nila naiwaglit ang tipan nila. Ang naiwaglit nila'y ang kalayaan nila. Sila'y mga alipin, pero ang tipan ay nanatili pa rin.

61 At isang araw dun, haya't sila'y dumadaing at umiiyak, sa ilalim ng mga tagapagmando ng Egipto, dahil sila'y naging mga alipin. Gusto kong pansinin n'yo ang magandang larawan na ito. At ito'y maganda para sa mga legalista. Pakinggan n'yo. Hindi dun bumaba ang Diyos at nagsabi, "Ngayon, sige't kung gagawin n'yo ang *ganitong* bagay. Sige't kung gagawin n'yo ang *ganitong* bagay." Naglaan ang biyaya ng Diyos ng isang tagapagligtas, si Moises. Ganoon nga. Hindi nga naibunsod si Moises dun dahil sa kung anong kondi-kondisyon, bagkus 'yun nga'y dahil sa pinaka makapangyarihang biyaya, na isinugo ng Diyos si Moises. Hindi lang isang tagapagligtas, haya't ang biyaya'y naglaan ng tagapagpalaya; hindi sa kung anong batas, hindi sa kung anuman. Sadyang maringal na biyaya ng Diyos lamang, isinugo Niya si Moises upang maging isang—isang tagapagpalaya at isang tagapagligtas ng bansa, para sila'y ilabas.

62 Sa tuwing naiisip ko 'yan, heto nga na nabubulay ko ang siya ring Diyos, na kasama ng bayang tinipanan sa Egipto, na tunay ngang. . . Sa ilalim ng lahat ng paghihirap at kalamigan ng loob na kinasasadlakan ng iglesya sa gabing ito, Siya nga, sa pamamagitan ng Kanyang sariling pagka-Siya, ay nagsugo ng isang tagapagpalaya. Tiyak na tiyak tayo na makatatanggap ng malakas na pagbuhos ng Espiritu Santo, sa huling mga araw na ito, habang nakaupo tayo sa iglesyang ito sa gabing ito. Ang Diyos ay kumilos sa tinipanang bayan, na ang mga taong ito'y walang ginawang pagsisikap na pansarili. Bagkus, walang hinihinging kabayaran na ipinadala Niya mula sa Langit, patungo sa bayan Niyang tinipanan, ang isang pagkilos ng biyaya. Sa lubos na kadakilaan ng Kanyang pangako, ipinadala Niya si Moises.

63 At sa siya ring krisis na ito, na ang mga tao'y nasa pagka-alipin, at sa ilalim ng lahat na, sa pamatok ng kasalanan, at pagkakasakit at kaguluhan sa panahon ngayon; walang pag-aalinlangan na ipadadala Niya si Jesus Cristo sa ikalawang pagkakataon, katulad ng pagpapadala Niya kay Moises nung unang pagkakataon. Sa pamamayagpag ng krisis, ang Diyos ay kumilos sa kataas-taasang biyaya. Gagawin at gagawin Niya ang siya ring bagay sa ilalim ng parehong pagkilos, o kung hindi'y mali ang ikinilos Niya noon dun. Nakikita n'yo ba?

64 Ito po ang sinisikap kong tugaygayin. Ang pinaka teribleng kasalanan na nakikita ko sa Kaiglesyahan ngayon ay ang di-pananampalataya. Yun nga lang ang tanging kasalanan na mayroon. Walang ibang kasalanan kundi di-pananampalataya. Gaano nga ang karimlam nito, gaanong kadilim? Hindi n'yo puwedeng sabihin, "*Ito* ganitong kadilim lang," samantalang mula sa kamay ko'y ganap na kadiliman ito.

65 Ngayon may isang paraan lang para hirangin at matukoy ang kasalanan. Hindi 'yun sa kung kayo ba'y umiinom ng alak, o kung kayo ba'y naninigarilyo, o kung kayo ba'y nagsusugal. Nalalaman 'yun sa paraan na *ito*: Di kayo mananampalataya, kaya nagagawa n'yo 'yan. At 'yan ang totoo. Yang pagsusugal n'yo, pagsisinungaling n'yo, pagnanakaw n'yo, hindi 'yan ang kasalanan. Ang mga 'yan ay resulta ng kasalanan. Ang dahilan ay dahil diyan sa kaibuturan n'yo ay may nananahan na ibang espiritu. Kung kayo'y isang mananampalataya, isang matatag na mananampalataya, ang mga bagay na 'yan ay patay at madilim gaya ng gabi sa harap n'yo. Tunay. Kita n'yo? Ang mga 'yun ay bunga ng di-pananampalataya.

66 Sa San Juan sa ika-3 kabanata, sinabi ni Jesus, na, "Ang di sumasampalataya ay hinatulan na." Hindi man lang kayo nakaabot sa unang tungtungan. Hinatulan, na agad.

67 Kaya, hindi ibig sabihin na parang may panukat kayo sa inyong iglesya, "Kung magagawa n'yo *ito*; kung sasapat kayo sa sukat ng mga panuntunan na *ito*; kung sasapat kayo sa sukat ng panuntunan na *'yun*." Maraming beses, na mananangan ang mga tao sa mumunting mga bagay na gaya nun, para maging kaanib sa isang iglesya; at kaso ang bagay na 'yun ay naroon pa rin sa loob ng kanilang puso, at pumupuslit sila't ginagawa 'yun. Pero kapag ang isang tao'y makatutugon sa hinihiling ng Diyos, at maipanganak na muli sa Espiritu ng Diyos, ang mga bagay na 'yun ay aalisin sa kanyang buhay. Ayaw na niyang gawin ang mga 'yun.

68 Naisip n'yo na po ba ang isang baboy? Nagtutungo ang baboy sa bunton ng dumi ng hayop, at kakainin niya 'yun. Di ko—di ko siya masisi. Isa siyang baboy. Yun ang nagbubunsod sa kanya na gawin 'yun. Pero hindi n'yo mapapakilos ang isang tupa na gawin 'yan. Dahil, may dalawang kalikasan. Yung baboy ay may isang kalikasan, at 'yung tupa ay may ibang kalikasan. At basta't napapanatili n'yo ang siya ring kalikasan na 'yun sa loob nung baboy, kahit na gaano pa ang pagsisikap n'yo na linis-linisin siya, ganun at ganun pa rin ang kalikasan niya dahil siya'y isang baboy, sa simula't sapul.

69 At kaya, maraming beses, umaakay tayo ng mga tao't dinadala natin sila sa loob ng ating simbahan, at kung ano pa na gaya n'yan, gagawin silang miyembro, gayong hindi naman sila naligtas.

70 Yan ang dahilan sa panahon ngayon, kung bakit may ganyang pagkalito, na kinakaharap ang mga tao, haya't di nila malaman kung saan ba sila babaling. Nakikita nila ang mga tao na nag-aangking mga Cristiano, at wala namang kinaibhan sa sanlibutan. Mangyari nga na ang tao na 'yun ay di nakalapit, o hindi naipanganak na muli, hindi naman talaga tinanggap ang Panginoong Jesus, hindi naman talaga nanampalataya sa Kanya. Marahil sila'y may kung anong emosyonal na pagkilos. Sila marahil ay nakasayaw. Sila marahil ay nakasigaw. Sila marahil ay nakapagsalita pa nga sa iba't ibang wika. Nagawa nila marahil ang mga bagay na ito, pero hindi nakaabot sa Persona, kay Cristo Jesus, at aktuwal na naipanganak na muli. Sa kanilang puso, ang mga bagay na ito'y kailangang mamatay, may kalikasan na dapat mabago, at maisilang ang bagong tao.

71 Ngayon, noong si Moises ay magka-gulang na, tumanggi siya na matawag na anak nung anak na babae ng Faraon. Pakatapos nga nun ay pumatay siya ng Egipcio. Mangyari nga na ang Diyos ay kasama niya sa Medan, at dinala siya pabalik. At sa harap ng nagniningas na kahoy, nung araw na 'yun, siya'y nakatanggap ng isang karanasan na nanatili sa kanya sa buong buhay niya. At gaya ng sinabi ko kagabi, heto't akin lang sasabihin ngayon, na ang tao . . . kahit na gaano pang kainam ang pagkakaturo kay Moises, gaano pang karaming teolohiya ang alam niya, gaano pang kainam na miyembro siya ng iglesya. At siya nga'y may mainam na guro, ang nanay niya. Siya pa nga'y pinalaki sa ilalim ng bawat alituntunin ng edukasyon na maituturo sa kanya. Siya'y anak ng hari. Pero siya pa rin, sa pagpupumilit niya sa ganang sarili, nabigo na makaalpas. Pero sa loob ng limang minuto lang sa Presensya ng nagniningas na kahoy, siya'y naging isang pinagbagong tao. May bagay na nangyari.

72 At ang kailangan natin ngayon, sa ating mga seminaryo, ay hindi 'yung dami ng teolohiya na maituturo, kundi isang nagniningas na kahoy na karanasan, kung saan ang mga kalalakiha'y luluhod sa harap ng Diyos at kakatagpuin Siya nang harapan. Kailangan natin ng isang tagahamon gaya ng mayroon tayo nung sinaunang panahon na 'yun. Ang kailangan natin ay kalalakihan at kababaihan na nakatagpo mismo ang Diyos, at alam mismo ang sinasabi nila. Hindi kung sino na pilit nagtuturo mula sa kung anong aklat ng simbahan, o kung anong bahala-na-lang na teolohiya. Ang kailangan natin sa panahon ngayon, ay isang tao na dumako na sa presensya ng isang nagniningas na kahoy, ipinanganak na muli, at binago at ginawang bagong nilalang. Yun ang uri ng tao na kailangan natin ngayon. Yun ang uri ng tao na mananatili sa pook ng labanan, kahit na ano pa ang mangyari.

73 Si Moises, pagkatapos na tanggapin ang atas sa kanya, nagpunta siya sa Egipto at pinalaya ang mga anak ni Israel. Isang malaking pagkakamali na nakita natin, at isang dakilang

bagay. Kung papaano 'yun noon, ganun din ngayon. Na, nakita natin kung papaanong nagpunta si Moises at kinuha ang mga anak ni Israel at inilabas sila, ang di-pangkaraniwang bagay ay napangyari.

74 Ngayon heto po ito. Hindi ko gustong saktan kayo, hindi ko gustong ligligin kayo o yanigin kayo, pero ang mithi ko lang ay ipangaral ang Katotohanan. May bagay nga rito, kapatid, na di ka ipagiging popular ng Katotohanan, pero ipagiging tapat ka naman ng Katotohanan. Yun nga'y mabuting bagay. At hindi ba't mas pipiliin n'yo na maging tapat kaysa sa maging popular? Tunay na nais n'yo.

75 Ngayon, gusto kong malaman n'yo, na, noon ngang ang di-pangkaraniwang bagay ay naipangyari, ang mga himala'y ipinamalas, mga tanda't mga kababalaghan. At nung sila'y lumabas, ang sabi ng Biblia, "Isang karamihang sama-sama ang nagsilabas," isang grupo na halo-halo ang mga tao. Ang ilan sa kanila, mga mananampalataya; ang iba, kunwari lang na nananampalataya. Ang—ang dakilang mga himala'y naipangyari. May mga taong lumabas na sinasabi lang nilang mananampalataya sila, at di naman talaga mananampalataya.

76 At diyan tayo nagkakaroon ng malaking problema ngayon. Yan ang maaari nating iturong dahilan. Na may mga kalalakihan at mga kababaihan na dumadalo sa simbahan at nag-aangkin na mga mananampalataya sila, at samantalang hindi pala sila mananampalataya. Nakikita ko 'yan sa pulpito. Nakikita ko 'yan sa pila para sa pananalangin. Nakikita ko 'yan sa lahat ng dako, kung saan may kalalakihan na lalapit, at may kababaihan, na sasabihin, "Isa akong mananampalataya," at mag-aangkin na isang mananampalataya, pero di naman talaga sila mananampalataya.

77 At diyan nag-umpisa ang problema ng Israel. Nang malagay sila sa kalagayang 'yun, na nakita nila na ang mga tao palang ganito'y nagsilabas din. Tunay, naipangyari nga ang sobrenatural.

78 Yan ang nakikita natin sa mga pangkat natin, sa ating mga iglesya. Dumating ang Diyos sa eksena. Nagpagaling Siya ng mga maysakit. Nagbangon Siya ng mga patay. Binuksan Niya ang mga mata ng mga bulag. Pinagaling Niya ang mga bingi para makarinig, ang mga pipi para makapagsalita. Pinagaling Niya ang mga pilay. Iwinawaglit Niya ang mga kanser mula sa mga tao. Tayo. . .Na di maitatanggi. Libo-libo mismo ang bilang. Haya't isang araw nagsimula 'yun, mula rito sa Eighth at Penn Street, at ngayon ay umabot na sa buong mundo na may sampung libong apoy ng rebaybal na nag-aapoy sa bawat burol ng bawat paganong bansa at kung saan-saan pa. Ang mga tanda't mga kababalaghan ay ipinamamalas. Ang mga dakilang

bagay ay kumikilos. Ang Diyos ay kumikilos! Nandito na tayo sa huling panahon, sa sangandaan ng panahon.

79 Haya't nakita natin, na dito, sumama ang halo-halong tao. Maraming beses, may mga tao ng Diyos ang nagsasabi, "Opo, ako po. Gagawin ko po *ito*." Tapos masusumpungan natin na ang mga taong 'yun pala'y mga karnal. Sa paglitaw pa lang ng kaunting problema, gusto na nilang bumalik sa Egipto. Ang gusto nila'y ang mga tapayan nila ng bawang. Ang gusto nila'y ang isda mula sa ilog. Ang gusto nila'y ang sibuyas at bawang. Ang gusto nila'y mga bagay na mayroon sila noon sa Egipto.

80 Yan ay eksakto't ganap na tipo ng karnal na miyembro ng iglesya sa panahon ngayon. Mahilig siya sa mga bagay ng sanlibutan dahil hindi siya sa Diyos. Ang sabi ng Biblia, "Kung iniibig mo ang sanlibutan at mga bagay ng sanlibutan, wala sa iyo ang pag-ibig ng Diyos." At tama si Cristo sa lahat ng mga pahayag Niya. At totoo 'yan. At sa panahon ngayon makikita natin ang mga tao na lumalabas . . .

81 Oh, kung magagawa lang ng Diyos, sa kung anong paraan, na maipatimo ito sa kaliwang bahagi, sa ilalim ng ikalimang tadyang, at patimuin ito nang husto. Ang isang tao, kahit na gaano pa kayo magkunwari, kapag dumating ang suliranin, ilalantad ng tao ang pinaka mainam at pinaka masahol niyang katangian sa ilalim ng suliranin. Kunin n'yo ang isang Cristiano halimbawa, at ilagay sa ilalim ng suliranin at tingnan n'yo kung paano siya kikilos, at masasabi n'yo kung ano ang pagkayari niya. Ang lahat nama'y kayang maging mabuti, ang lahat ay kayang makapagpuri sa Panginoon, habang ang Espiritu Santo'y bumababa sa kongregasyon ng mga tao; pero hayaan n'yong ang suliranin ay lumitaw, at obserbahan n'yo kung anong mangyayari, obserbahan n'yo kung ano mismo ang mangyayari pagkatapos. Haya't, kayo ba'y biglang pumuputok agad kapag may tensyon? Isa ba kayo sa napahalong mga tao? Isa ka bang tao na di magawa, gaya ng salita sa lansangan, "Di ko magawa"? Siyanga, hindi mo magawang iwasan. Kapatid, kung ganyan ka, na panay pagtalikod sa pananampalataya't lulubog-lilitaw, at atras-abante, bakit hindi ka dumulog sa Kalbaryo at mamatay sa sarili mo, at maipanganak na muli ng Espiritu ng Diyos? Amen. Mahiya kayo; kayo na nag-aangking Cristiano, kayo na nananangan sa inyong mga kaiglesyahan.

82 Wala tayong miyembro-miyembro rito. Malaya kayo na pumunta rito. Iba't iba mang kaiglesyahan kayo kasapi.

83 Pero, kayo na mga nag-aangking Cristiano, at ang inyong pamumuhay ay iba naman sa dapat n'yong ipamuhay, haya't kayo'y pabigat sa sambahayan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen. Kayo na mga nag-aangkin lang na Cristiano, at ikinahihiya naman na panghawakan Siya sa Kanyang Salita, o magpatotoo sa Kanyang Kapangyarihan at kaluwalhatian, ano

man ang panahon, haya't kayo'y may pagkautang sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen. Totoo 'yan. Totoo 'yan. Tumindig kayo sa Salita. Lumubog man o matabunan, tumayo kayo sa Kanyang Salita.

84 Kinailangan 'yung gawin ni Abraham, at tawagin ang mga bagay na hindi pa, na tila mayroon na. At sinampalatayanan niya ang Diyos, at ibinilang 'yun sa kanya na katuwiran.

85 Ang kailangan natin ngayon ay mawala ang butong-tinik, at dapat gulugod ang mailagay sa sangka-Cristianuhan. Yun mismo ang mailagay. Ang bagay na kailangan natin ay mga ipinanganak na muling Cristiano, mga kalalakihan at mga kababaihan, na 'yun ang gagawin, na kapag nakikita nilang lumilitaw ang suliranin, ay hindi madudulas, hindi mahuhulog, hindi tatalilis tungo sa gawing *ito*, na makikipamatok, bagkus isang lalaki o babae na maninindigan at ipapakita ang tunay nilang kulay. Kahit ang mga kaibigan mo'y mas gagalangin ka kung 'yan ang gagawin mo.

86 Anong klaseng lalaki, ang di gagalang sa isang babae? Na papangitin man ang itsura ng isang babae na maging gaya siya sa isang bakod na gawa sa putik at nanlilimahid sa uod. Gaano man siyang kapangit gaya n'yan, pero kung binibining-binibini naman sa kanyang katangian na naninindigan sa dalisay na moralidad ng kababaihan. Walang lalaki, sa bansa, ang di magbababa ng sumbrero sa kanya, kahit na katiting lang na pagkamaginoo ang mayroon sa lalaki.

87 At kung kakaharap sa ganyan ang isang lalaki, yamang isang nahulog na anak na lalaki ng Diyos, ano pa kaya ang iisipin ng Diyos Mismo ukol sa isang lalaki na maninindigan sa matibay niyang paniniwala, na tatawagin ang tama na "tama," at ang mali'y "mali." Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay isang mainam, na makalumang, rebaybal ni San Pablo, at ang Espiritu Santo ng Biblia na maibalik muli sa loob ng kaiglesyahan.

88 Talamak na itong mahina't mababaw na kinagawian, sa pangalan ng sangka-Cristianuhan, na nagpapalala pa lalo; napakaraming denominasyon, napakaraming teolohiya, napakaraming edukasyon. At hindi ko tinataguyod. . .Haya't ang mga tao'y hindi na nga makalakad, ano't anuman, gaya ng kung papaanong ang iglesya'y pilay na. Heto nga. Kahit gaano pang kapilay ang iglesya, ang edukasyon ay hindi n'yo saklay. Ang pananampalataya ang saklay n'yo. Amen. Tama. Hinding-hindi 'yun mapupunan kailanman ng edukasyon. Hinding-hindi 'yun mapupunan kailanman ng denominasyon. Walang organisasyon kailanman ang makahahalili sa karanasan sa itaas-na-silid. Walang eskuwelahan kailanman ang makahahalili sa Pentecostes. Wala. "Hindi sa pamamagitan ng lakas, hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, ang sabi ng Panginoon." Yan

ang kailangan natin ngayon, isang pagbaling-muli-sa-Bibliang karanasan. Mga Cristianong ipinanganak muli, at nahugasan sa Dugo ng Cordero, pinaging puti, pinagbagong-buhay, may pangalawang pagsilang. Yan ang kailangan ng mundo ngayon: isang rebaybal, isang makalumang rebaybal, 'yung uri na taglay noon ni San Pablo noong A.D. 66.

89 Ngayon, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, nakita nga natin ang halo-halong mga tao na ito na sama-sama silang humahayo. Ilang sandali pa, nagsimula silang magreklamo.

90 Yan ang nakikita natin sa bawat pagkilos ng Diyos. Yan ang makikita n'yo na mga Methodist sa inyong iglesya. Yan ang makikita n'yo na mga Baptist sa inyong iglesya; kayo man na Presbyterian, mga Pentecostal, sinuman kayo. Makikita n'yo sila. Ang mga tao kasi'y halo-halo. Ganoon nga 'yun. Noong si John Wesley ay nagkaroon ng rebaybal, doon nung ika-labimpitong siglo, halo-halong mga tao ang nagsipasok. Noong si Martin Luther ay nagkaroon ng rebaybal, nakapasok ang halo-halong mga tao. Noong ang mga Baptist, sa pamamagitan ni John Smith, ay nagkaroon ng rebaybal, nakapasok ang halo-halong mga tao. Noong ang Pentecostal ay nagkaroon ng rebaybal, nakapasok ang halo-halong mga tao. At 'yan mismo ang nagbubunsod upang ito'y maisantabi sa istante. Kung ang mga tunay lang sana, na mga lehitimong tapat, ang nanatili sa iglesya, at nanalangin lang sana hanggang sa ang iba'y umalis, at sila'y uusad. Mayroon pa rin sanang rebaybal sa loob ng Methodist, Baptist, Presbyterian, at Pentecostal na iglesya. Subalit halo-halo kasi ang mga tao.

91 Nakasama sila sa paglabas. Sa paglabas na paglabas nila, reklamo agad ang bantad nila. Tatlong buwan pa lang sila dun sa disyerto, nagsasabi agad sila ng, "Oh, kung may bawang lang sana ako! Kung may sibuyas lang sana ako!" Nandun na nga sila, at nais pang ipagpalit ang pagkain ng Anghel sa bawang, at panay ang reklamo. Bakit? Ang kanilang sikmura kasi'y di kayang tunawin (kayanin) ang pagkain ng Anghel.

92 Yan ang problema sa panahon ngayon. Wala na tayong makalumang Espiritu Santong rebaybal, at ang espirituwal nating sikmura'y di kayang tunawin ang tunay, na mainam, na makalumang Espiritu Santong, nanghahawakan na rebaybal. Dahil diyan; kailangan natin ng reseta ng Doktor, ang reseta nga ni doktor Jesus, na isasaayos tayo sa tama. Tunay.

93 Hindi sila nanghawakan. Patuloy pa rin sila kung ano sila; gusto nilang bumalik. Kaunting sulpot lang ng suliranin; reklamo agad, kaligaligan, angal. Ibinubunsod nila . . . Sa iglesya nga'y isa lang sa kanila ang magpaumpisa ng ganyang bagay, para na itong kanser. Papatayin nito ang buong iglesya. Ganoon nga. Kailangan nating tuwirin agad at alisin 'yun.

94 Ngayon, hindi pa nga sila nakakalayo. . . Ngayon ang isipin, na nakakakain pa nga sila ng pagkain ng Anghel, na mula sa Langit, at haya't reklamo pa rin. At nakakainom sila ng tubig mula sa pinalong Bato; haya't dalisay, na banal na tubig ng Buhay, at reklamo pa rin. Ang gusto nila'y ang maputik na tubig ng ilog Nile.

95 Ganoon din ito ngayon! Sasabihin ng mga tao, "Oh, mangangaral, napakakitid ng iyong utak. Inaalis mo lang ang lahat ng kasiyahan mula sa iglesya, kapag nangangaral ka laban sa *ganitong* uri ng mga bagay at *ganoong* uri ng bagay."

96 Kapatid, kung titindig lamang ang iglesya sa sinasabi nito, ngayon, iibigin niya ang mga bagay ng Diyos, at kamumuhian ang mga bagay ng sanlibutan. May mga tao kasing nahalo, 'yan ang problema sa panahon ngayon. May mga nahalo, mga tao na ang hangad ay mga bagay ng sanlibutan, at ang gusto'y masabi lang na kasa-kasama sa iglesya. Yan ang nagdudulot sa kanila na matisod at mahulog. Yan ang nagpapawala ng pagtitipon sa pananalangin. Yan ang nagbubunsod, na nag-oorganisa sila ng lahat na ng sama-samahan sa iglesya, at inaalis ang altar sa harap ng unahang upuan. At ang tanging apoy na mayroon ito ay naroon sa ilalim na silid. Idinidikta sa mangangaral na labinglimang minuto lang mangaral, at uubra na raw ang mga rosaryo o pulang mga ibon, o kung ano.

97 Pero, sinasabi ko sa inyo, ang isang ipinanganak na muling Iglesya ng buhay na Diyos ay may pagnanais na makinig sa Ebanghelyo. Dahil, ang isang tao na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, sinabi 'yan ni Jesus. . . "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, bagkus sa bawat Salita na nagbubuhat sa bibig ng Diyos." Tunay nga.

98 Nagkahalo-halong mga tao! Nakasama sila sa paglalakbay. Oo. Iniwan nila ang dakila't pagmamataas nila sa posisyon nila sa Egipto, pagmamataas nila sa materyal nilang mga kaisipan, sa mekanikal nilang mga kagamitan, sa medikal nilang agham, sa paraan na kamit nila sa kanilang mekanikal. Nagmamataas sila sa kanilang posisyon. Anupa't iniwan nila 'yun, para sila'y makasama sa paglalakbay kasama ang dakilang Manggagamot, at sa kabila nun ay panay pa rin ang reklamo.

Hindi ba't ganyan na ganyan din ang mga nahalong tao sa panahon ngayon?

99 At malalaman n'yo na lang, nakarating sila sa isang lugar na ang tawag ay Kadesh-barnea. Ang Kadesh-barnea'y ang luklukan ng kahatulan, ang luklukan ng kahatulan noon sa lupa. Ang tunay na pangalan ng lugar, ang ibig sabihin nun, ay, "isang malaki't pambihirang bukal" na umaapaw-apaw sa tabi ng mga punong-palmera na nakatayo sa disyerto, kung saan may ilang mumunting mga kubo, na tinawag na bayan, isang dako na matitirhan ng isang bansa ng mga tao, o isang munting bilang ng

mga tao. At sa buong kahabaan nun, ay mumunting mga bukal na umaapaw-apaw sa lahat ng dako, na galing sa isang malaki't malawak na bukal.

100 Grabeng gandang larawan ng iglesya, doon sa disyerto, kung saan ang lahat ay kinakailangan na magpunta sa Kadesh para sumalok ng tubig. Ang lahat ay kailangang magpunta ng Kadesh, para kumuha ng tubig. At hayan nga, na may isang malaking bukal, at tinutustusan ng tubig ang iba pang bukal. Ito ay tipo ng Langit. Ito ay tipo sa luklukan ng kahatulan ng Diyos, yamang ang kahatulan ay nagsisimula sa bahay ng Diyos. At itong isa't malaking bukal na nagtutustos, at ang iba pang maliliit na mga bukal na umaagos mula roon, ang ibig sabihin, "ang Langit ay ang luklukan ng kahatulan ni Cristo, at lahat ng mga kaiglesyahan ay nagbibigay-buhay, tubig, sa luklukan ng kahatulan," sa tuwing ang mga tao'y nagpupunta sa simbahan para mahatulan.

101 Ang problema, sa panahon ngayon, nagpupunta ang mga tao sa iglesya't sila'y tinatapik-tapik lang sa likod, at kung ano pang mga bagay. Ang rason ay dahil malaki ang kanilang ibinibigay sa lagayan ng kaloob; dahil sila'y naging diyakono na; dahil sila'y may posisyon na, sa simbahan. O, siguro pa nga'y, ang minamaneho kasi'y mas magarang sasakyan, o ang suot ay mas magarang damit, o—o bagay na gaya nun. Alang-alang sa inyo at kaya't tinatapik-tapik na lamang kayo sa likod.

102 Kapatid, ang kailangan natin sa panahon ngayon ay mga makalumang mangangaral na hindi nangingimi na tawagin ang itim na "itim," at ang puti na "puti."

103 Katulad ni Juan Bautista, noong lumantad siya mula sa ilang ng Judea, hindi magara ang pananamit niya. Ang damit lang niya'y kapirasong balahibo ng tupang nakabalot sa kanya, na may balat ng hayop na sinturon, may mantel na gawa sa buhok ng kamelyo na nakatalukbong sa kanya. At lumabas nga siya na nangangaral patungkol sa pagsisisi. At kaya noong kunin ni Herodes ang asawa ng kanyang kapatid na si Felipe, at ito'y pinakasalan, haya't nagtungo siya sa pagtitipon. Nakikinita ko ang diyakono na sinasabi, "Huwag kang mangangaral tungkol sa pagkakasal at diborsyo ngayong gabi, dahil may bantog na tao sa kalipunan natin ngayong gabi. Basta huwag kang mangangaral ng tulad nun."

104 At maiisip n'yo ba ang isang lalaki na nakatanggap ng Espiritu Santo sa sinapupunan pa lang ng kanyang nanay, na prepreno sa bagay na tulad nun lalo't kasalanan? Tinanggap na ni Juan Bautista ang Espiritu Santo tatlong buwan bago siya isilang. Patay na siya noon, sa sinapupunan ng kanyang nanay. Pero sa unang bigkas pa lang sa Pangalan ni Jesus, napalundag at napalukso siya sa sinapupunan ng nanay niya. Kaya maiisip n'yo ba na ang isang lalaki na nakatanggap ng Espiritu ng

bautismo ng Espiritu Santo, tatlong buwan bago siya ipanganak, ay makikipag-kompromiso sa mga bagay ng sanlibutan?

105 Mangyari nga na lumakad siya dire-diretso't itinuro mismo ang daliri sa ilalim ng ilong ng taong ito, at nagsabi, "Labag sa batas na angkinin mo ang babaing ito." Ganoon dapat. Ang—ang naging kapalit ay ang ulo niya. Pero siya'y imortal, ngayong gabi, kasa-kasama ang mga tinubos, sa ibang daigdig. Amen. Hindi 'yun popular, pero 'yun ang Katotohanan. Amen. Pansinin!

106 Huwag po kayong kabahan kapag sinasabi kong, "amen." Ang ibig sabihin po nun ay, "Siya nawa." Opo. Siyanga. Ngayon, alam ko na medyo tumataas ang damdamin ko nang kaunti, paminsan-minsan. Iniisip n'yo na tumataas ang damdamin ko, pero hindi po. Alam ko po kung nasaan ako. Alam ko po mismo kung nasaan ako, alam ko ang sinasabi ko. Alam ko kung Sino ang ipinapangusap ko; ang Panginoong Jesus Cristo. Pansinin n'yo po kung gaanong kaganda!

107 At nagsimula silang magbulung-bulungan at magreklamo, at sa wakas nadala na sila sa Kadesh. At nung makarating sila sa Kadesh, sa luklukan ng kahatulan na ito, kahatulan, hayan nga na ang buong 'yun ay natipon nang sama-sama.

108 At darating ang isang maluwalhating araw, at naniniwala ako na ang araw na 'yan ay nalalapit na ngayon, kung saan magkakaroon ng paghihiwalay sa pagitan ng tama at mali. At naniniwala akong sapat kong mapapatunayan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kasulatan, na ang tanda ng hayop at ang Tatak ng Diyos, o bayan ng Diyos, ay malapit nang mangyari, at kahit ngayon pa lang ay nangyayari na. Ang tanda ng hayop ay ang tanda ng apostasiya. Ang tanda ng hayop ay sa kanila na mga tumanggi sa tama; binutasan sila sa tainga, tanda ng pagiging mali sa natitira pa nilang mga araw. Sila naman na tumanggap sa Tatak ng Diyos, ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30, "Huwag ninyong pighatiin ang banal na Espiritu ng Diyos na sa pamamagitan nito kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan." Isa itong kalagayan kung saan ang indibiduwal ay di na nananatiling sala sa init at sala sa lamig. Ganoon nga.

109 Katulad na lang nung lalaking gustong makapunta ng Langit. May dala-dala siyang mga tiket. Tinanong siya ng tauhan nung sumakay na siya ng tren, sabi, "Para saan at ang dami mong tiket?" Ang isa palang tiket ay sa Methodist, ang isa sa Baptist, ang isa sa Christian Science, ang isa sa Seventh-day Adventist, haya't mayroon siyang tig-iisang tiket sa lahat. Sabi, "Para saan at ang dami mong tiket?"

110 Sabi ng lalaki, "Buweno, sige't sasabihin ko sa'yo, ginoo." Sabi, "Ang isa kasi'y panay sabi na *ganito* ang tama, at *ganoon* ang tama, at sinubukan kong lahat ito." Sabi, "Naisipan ko na

dapat may dala akong tiket mula sa bawat isa sa kanila." At sa kabila nun napahamak pa rin siya.

111 Kapatid, nag-iisa lang ang paraan para makapunta ng Langit, 'yun ay sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang maipanganak na muli sa Espiritu Santo. "Maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli, siya'y sa anumang paraan hindi makakapasok sa Kaharian," sabi ng ating Panginoong Jesus Cristo. Amen.

112 Grabeng panahon ito na kinabubuhayan natin, kaibigan! Grabeng panahon ito na kinabubuhayan natin! Grabeng iba! Grabeng pagliliglig! Sa tuwina'y pinapatotohanan ng Diyos ang Kanyang Iglesya. Ganoon nga ang Diyos, sa tuwina! Hindi ko sinasabi na lahat sila'y nagpupunta sa Branham Tabernacle. Hindi ko sinasabi na lahat sila'y nagpupunta sa Wall Street. Hindi ko sinasabi na lahat sila'y nagpupunta sa ganitong Cristianong simbahan, o anumang simbahan. Ang sinasabi ko'y ang Diyos, sa bawat iglesya, ay may mga bahagi Siya, haya't may mga bahagi Siya sa Kanyang Katawan na ipinanganak na muli. At sila yaong mga tapat sa Diyos. Sila yaong umiibig sa Panginoong Jesus nang buong puso nila, at buong kaluluwa nila. Masusumpungan n'yo sila na nagbabasa ng kanilang Biblia, nasa pagtitipon para sa pananalangin, ginagawa ang lahat ng makakaya nila para sa Kaharian ng Diyos. Siyanga.

113 Pero ang mga nahalong tao'y mas humahatak, at sumasapaw, at pilit silang hinihila pabalik sa mga bagay ng sanlibutan. Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay isa na namang Kadesh-barnea, tama, kung saan nagmumula ang kahatulan.

114 Pagkatapos anong nangyari? Tumayo si Korah at nagsabi, "Marami pa namang tao riyan na banal hindi lang si Moises." At may tinipon siyang malaking grupo. At lumabas siya roon kasama ang malaking grupo na ito, at sabi niya, "Mga propeta kami. At kami'y *ganito*, at kami'y *ganoon*."

115 Tapos anong nangyari? Sinabi ng Diyos kay Moises, sabi, "Ibukod mo ang sarili mo mula sa taong ito." At ibinuka ng Diyos ang lupa at nilamon sila. Yun ang katapusan ng mga reklamador na ito, at 'yun ang katapusan ng mga taong ito na sumama kay Korah.

116 Pagkatapos anong nangyari? Sabi ng Diyos, "Magpupunta tayo. . . " Sinabi kay Moises, "Magpadala ka ng mga tiktik para maniktik sa lupain, na ating pupuntahan, na ipinangako Kong dako sa inyo." Kung Diyos na ang nagsabi sa kanila na mainam na lupain 'yun, kung Diyos na mismo ang nangako ng lahat ng mga pangako Niyang ito, mukha ngang sapat na dapat 'yun sa kahit sino, kung Diyos na mismo ang nagsabi.

117 Ngayon, ating—ating, sa lahat ng pagkakataon, ay sumigaw mismo ng, "Purihin ang Panginoon," sa bagay na 'yun. Pero, kapatid, kung ang siya ring Diyos na 'yun na nangako sa kanila

ay haya't ipinapangako sa atin ang siya ring bawat pangako na ibinigay Niya sa kanila. Bakit pa tayo mag-aalinlangan?

118 "Ano po ang sinisikap mong sabihin, Kapatid na Branham? Halo-halo bang mga tao ito?" Oo, ganap, na tama. Halo-halo ang mga tao. At narito tayo sa Kadesh ngayon, kung saan kayo'y . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

119 Marangal na mga kalalakihan ng lupain! Mayroon tayong Jack Schuler, Billy Graham. Mayroon tayong Oral Roberts, Tommy Hicks, Tommy Osborn. Marami tayong magigiting na mga kalalakihan na sumusuyod nang paroo't parito sa buong bansang ito. At, ngayong gabi, hayan pa rin na mas marami pang mga bahay-inuman kaysa sa mga simbahan. At tuluy-tuloy ang pagdami. Anong nangyayari? May mga nahalong tao.

120 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Subukan n'yong ang bansa na ito'y hindi lang isang oras ang ilalaan, sa isang araw, para makapagdaos ng pagtitipon para sa pananalangin, na kahit nasa isang porsiyento lang ng isang libo ang nakakaisip na dumalo. Subukan n'yong ang buong bansa mismo ang bumaling sa Diyos, at gibain ang bawat bahay-inuman, bagbagin ang bawat pagawaan ng alak, at gibain ang bawat lugar na nag-uumapaw sa alak, at lahat ng mga bagay na ito; at kumpiskahin ang nagsisiiklian na marurumi't mahahalay na shorts ng mga kababaihan, at gawing isang ikakukulong na paglabag ang magsuot ng ganyan sa kalye; at linisin ang tahanan, at ang bahay, at ang iglesya; at maglagay ng mga mangangaral sa likod ng pulpito, sa halip na mga kung sinu-sinong pangganyak na tagapagsalita; magbubunsod talaga ito ng makalumang rebaybal, kung saan ang mga kalalakihan at mga kababaihan ay tatawag nang malakas sa Diyos, magkakaroon tayo ng rebaybal na lalaganap sa buong bansa, at 'yan nga ang pinaka mainam nating pananggalang. Yun lang ang tanging bagay na makakapagpahinto sa bomba atomika. May kublihan kayo laban sa pambobomba, sa ilalim ng Kanyang pakpak. Amen. Tama 'yun. Pansinin.

121 Sumapit ang Kadesh-barnea sa punto na kailangan mismo na magkaroon ng paghatol. At si Moises ay pumili ng labing-dalawa, isa sa bawat lipi, at isinugo niya sila para tiktikan ang lupain.

122 Nung makabalik na sila, haya't sana mapansin n'yo ang balita nila! "Oh," sabi nila, "napaka inam na lupain. Oh, isa ngang kahanga-hangang lupain. Nag-uumapaw ang gatas at pulot."

123 "Pero," sabi ng sampu sa kanila, "di natin makukuha. Di natin kayang makuha. Oh," sabi, "nakita namin dun ang mga—mga Amorrheo, ang mga Midianita, at—at mga Cananeo, at lahat sila. Naku, nagmumukha tayong mga tipaklong, sa tabi nila. Malalaki silang tao. At ang kanilang siyudad ay buong

napapaderan, at walang paraan para tayo'y makapasok. Oh, nanlulumo ang aming mga puso. Di natin ito kayang makuha." At, dahil sa mas nakakarami ang boto nila, tinanggap 'yun ng mga tao.

124 Pero may dalawa na nakatayo roon, ang isa'y ang pangalan ay Caleb, at ang isa nama'y Josue, na nagbaon pabalik ng kumpol ng mga ubas, na dalawang tao ang kinailangan para pasanin 'yun. Sabi ni Caleb, "Magsitahimik kayo, sa harap ng propeta. Magsitahimik kayo." Sabi niya, "Kaya nating makuha 'yun. Halina kayo at kunin na natin, agad-agad!"

125 Ang kailangan nga natin sa oras na ito ay isang lalaki na kayang ipanghamon ang pangako ng Diyos sa harap ng mga tao. Ipinangako ng Diyos ang pagbuhos ng pentecostal na pagpapala sa huling mga araw, ang tinutukoy ko rito'y tunay na pentecostal na pagbuhos, at panahon na ngayon para ito'y dumating. Isang Kadesh-barnea uli ang dumating. Siyanga, po.

126 Sabi nila, "Kayang-kaya nating gawin. Tunay, kayang-kaya natin." Ano 'yun? Ang mga duwag na miyembro ng iglesya na 'yun ay nakatuon kasi sa nakikita ng kanilang mata, pero sina Caleb at Josue'y nakatingin sa pangako ng Diyos. Di ko alintana gaano mang kalakas ang oposisyon nila, gaano mang kalalaki ang itsura ng mga higante, gaano mang kataas ng mga pader, sila'y nakatingin lamang sa pangako ng Diyos.

127 At bawat lalaki at babae ngayong gabi, na nais umusad na kasama ang Diyos, huwag n'yong pansinin kung anuman ang sabi-sabihin ng mundo, na kesyo kaya ba natin o di natin kaya; ipinangako na mismo ng Diyos, at 'yun na 'yun. "Sinabi na mismo ng Diyos!" Gustung-gusto ko 'yun. Kapag sinabi ng Diyos, 'yun na 'yun magpakailanman.

128 Sinasabi ko sa inyo, ngayong gabi. Tambak tayo ng huwad na pagkukunwari. Napakarami nating paniniwala na gawa-gawa lang. Napakarami nating mga bagay-bagay na para lang isang palabas. Tunay. Laging inihahambalang ng diyablo ang kanyang mga tagapagpauna sa inyo, na mga huwad naman na tinatakot ang mga tao. Nagkaroon na tayo ng huwad na Pentecostes. Nagkaroon na tayo ng huwad na ulan. Nagkaroon na tayo ng huwad na *ganito* at *ganoon*.

129 Pero sa gitna ng lahat ng ito, may tunay na bautismo ng Espiritu Santo. May tunay na pentecostal na pagpapala, uli. May tunay na Makalangit na pagpapagaling. May tunay na Espiritu. May tunay na mga tao. At panahon na para sa pag-usad. Siyanga.

130 Bayan, heto na ang oras ng pagpapasya ngayon! Kailangan buo ang isip n'yo. Kailangan na buo ang isip ng iglesya. Bawat tao ay humahantong sa punto na ito na importanteng oras. Humahantong nga sa isang importanteng sandali na kailangan buo ang pasya n'yo. Sa luklukan ng paghatol, hayan nga kayo

sa harap nito. Kailangan n'yong sabihin, "Ginawa ko ang sala," o "Hindi ko ginawa ang sala." Sa pagtayo n'yo sa harap ng tagahatol, kailangan buo ang isip n'yo.

131 At, ngayong gabi, ang Branham Tabernacle ay kailangang buo ang pasya nito. Kung tayo ba'y magpapatuloy o babalik. Siyanga. Kung babalik ba kayo sa mga bawang at—at sibuyas, at mga bagay-bagay ng Egipto, o kung kayo'y magpapatuloy patungo sa pagkain ng Anghel, patungo sa lupang pangako kung saan ang Diyos ay nangako. Haya't kung tayo ba'y manunumbalik sa isang makaluma't, Espiritu Santong rebaybal; o magiging mahina, pasama-sama lang, at patuka-tuka na gaya ng ibong robin sa isang mansanas, hanggang sa araw na mamatay kayo. Kailangan kayong magdesisyon. Hindi puwede na kayo'y ganun pa rin. "Bakit kayo mag-aalinlangan sa dalawang isipan?" sabi ni Elias. "Kung ang Diyos ay Diyos, paglingkuran n'yo Siya. Kung hindi Siya Diyos, kung ganoon ay huwag n'yo Siyang paglingkuran."

132 Kung ang tunay na karanasan sa Diyos ang nag-aalis ng kasalanan sa puso ng isang tao, at hindi ang pakikianib sa isang simbahan, o pakikisapi sa isang kapisanan, o pagsama sa isang organisasyon, na wala akong anumang laban dun. Ang mga bagay na 'yan ay ayos lang. Kung. . .

133 Hindi 'yun ibubunsod ng edukasyon. Pinagpilitan natin 'yun nang maraming beses na at ang nakamit natin ay mga balon na may tagas. Inakala natin, noon, na dahil mayroon na tayong Higanteng Apat, 'yun ang magpapahinto ng lahat ng mga digmaan. Hindi nga nun napigil ang mga digmaan. May tagas dun. Inakala natin, noon, na ang programang pang-edukasyon ang magliligtas sa buong mundo. At hetong pinag-aral natin, at ano ang naging bunga nun sa atin? Sangkumpol ng mga edukadong ateista. Ganoon mismo. Inakala natin na sosyedad ang sasagip sa mundo balang araw. At nasumpungan natin na ang pinaka halang-ang-bituka na mga kriminal ay produkto ng mga sosye-sosyedad na ito. Hindi maisasagip ng edukasyon at sosyedad ang mundo.

134 Iisa lang ang Tagapagligtas ng mundo, at 'yun ang Dugo ni Jesus Cristo na walang bayad na ibinuhos sa Kalbaryo, para sa ikapapatawad ng bawat kasalanan na ginawa kailanman ng tao. "Sinugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang, binugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa ukol sa Kanyang. . .ang kapayapaan natin ay nasa Kanya, at sa Kanyang mga latay ay pinagaling tayo." Hinahamon ko ang bawat lalaki o babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na panghawakan ang Diyos sa Kanyang pangako, ngayong gabi, at tingnan n'yo kung ito ba'y tama o mali.

135 Saksi mismo ako na ang mga patay ay binuhay; sa sandali na iniwan na sila ng mga doktor, na idineklara na silang patay.

Saksi mismo ako sa mga bulag na ibinunsod na makakita, ganap na bulag nang maraming taon. Saksi mismo ako sa mga bingi, at sa mga bulag, at sa mga pingkaw, at sa mga lumpo; na nakalundag, at nakatalon, at nagpupuri sa Panginoon. Saksi mismo ako sa mga babaing mababa ang reputasyon na umalis na ng lansangan at napaging mga binibini. Saksi mismo ako sa mga lasenggo na lumayas na mula sa mga bahay-sugalan, at dako ng mga patibong nitong mundo, at pinaging mga ginoo at mga banal. Hinahamon ko ang sinuman na maglabas ng iba na kayang magbunsod ng ganoon.

136 Nakakita ako ng lalaking dumulog sa Alcoholic Anonymous at pinipilit na gumaling. Nagpa-iniksyon, ininom ang kung ano na lang, at lahat na ng sikolohiya sa mundo, at pinaka mahuhusay na klase ng mga doktor na makokonsulta para mabigyan ng lunas, at bigo pa rin. At nakita ko ang siya ring lalaki na ito na hinango ng Dugo ni Jesus Cristo, at pinaging banal ng Diyos, at mangangaral na ng Ebanghelyo. Amen.

137 Iniisip n'yo ba na holy-roller ako? Siguro nga. Sige lang! Pero kung kinakailangan na mabansagan na "holy-roller" para ako'y magiging kalugud-lugod kay Cristo, at kokondenahin ng mundo, kung ganoon ay isa ako sa kanila. Siyanga. Masdan. Iniibig ko Siya.

138 Kailangan n'yong magpasya. Narito na kayo sa Kadesh, kita n'yo; kita n'yo, di na kayo magtatagal. Bakit kayo mag-aalinlangan sa dalawang kaisipan? Bakit hindi nag-aalab ang iglesya? Bakit hindi puno ng mga tao ang bahay-sambahan? Bakit walang ipinamalas na mga dakilang tanda't mga kababalaghan? Huwag n'yong sisihin ang pastor. Nasa sa inyo ito. Mayroon tayong mga taong nahalo; ang isa'y hinahatak ito sa gawing ito, at ang isa'y sa kabila naman. Kailangan n'yong magpasya na ngayon. Kung dahil 'yun sa pastor, itiwalag n'yo, alisin n'yo siya at maglagay ng iba na hahalili sa puwesto niya. Kung dahil sa diyakono, tanggalin n'yo sa lupon at maglagay kayo ng iba sa posisyon niya, na hahalili. Kaya anong gagawin mo, kapatid? Inilagay ng Diyos ang responsibilidad na 'yan sa inyo. Ganoon nga. At tayo, bawat isa'y, kailangang magsulit sa ating sariling mga pagkakasala, at magsulit sa Araw ng Paghatol. Narito na tayo sa Kadesh-barnea!

139 At sinabi ng Salita ng Diyos na makukuha natin ito. Sinabi ng Salita ng Diyos na magkakaroon tayo ng rebaybal. Sinabi ng Salita ng Diyos na Siya'y magbabangon sa huling mga araw, ng lahat ng mga tandang ito rito at mga kababalaghan. At ginawa Niya ito. Ang bawat isa'y dapat manatili sa kanyang puwesto, pero ang kailangan nating gawin ay maglakip-lakip at magpasimula ng rebaybal. Anong magagawa natin? Ngayon na kailangan ang pasya n'yo. Baka sa susunod pa ang pasya n'yo. Pero kung ngayon na dapat, tutugon at tutugon dapat kayo dun. Baka sabihin n'yo, "Oh, kapatid, ako'y . . . Buweno, sa susunod

na lang ako gagawa ng pasya." Kailangan n'yong magpasya. At ngayon na ang tamang oras para gawin 'yan. Hindi ba't may panahon noon na kailangan n'yong . . .

140 Tulad noong panahon na mag-aasawa kayo, kapatid ko, mangyari nga na kinailangan n'yong gumawa ng desisyon kung kayo ba'y mag-aasawa o hindi. Kinakailangan n'yong gumawa ng desisyon noon. Marahil ganito pa nga, may iba na ganito ang sinasabi, "Huwag ka munang mag-asawa." Sinasabi naman ng iba, "Buweno, mainam nga na mag-asawa ka na." May isa na magsasabi, "Buweno, mas liligaya ka kung mag-aasawa ka." Yung iba naman sasabihin, "Ginigilitan mo lang ang leeg mo." Lahat ng iba't ibang bagay na ito. Kinailangan n'yo ngang magpasya. Tama. Ang mga kahatulan, ng Kadesh-barnea, ay dumating na sa inyo.

141 "Marahil ang ilan sa inyo rito'y nasa bingit na ng diborsyo." Dumarating nga ang panahon na gaya n'yan, minsan, na may lilitaw na di-pagkakaunawaan sa pamilya. Kinakailangan nga na maiayos 'yan nang husto, sa kung anong paraan. Kailangan n'yong gumawa ng desisyon. Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, kapatid ko, sa gabing ito, na ang desisyon na dapat gawin, ay, ikaw at ang asawa mong babae'y mag-akbayan sa isa't isa, sa inyong pagyuko sa harap ng Diyos, at lumuhod, at magpasya na paglilingkuran n'yo si Jesus Cristo, at tanging Siya lamang, at ang mga korte na dumidinig ng diborsyo'y mawawalan ng laman. Tama! Di na kailangan pang makipag-usap sa inyong abogado. Ang pakikipag-usap sa inyong Tagapagligtas ang kailangan. Ganoon nga. Marahil mapapayuhan ka ng abogado, pero maliligtas ka naman ng Tagapagligtas. Marahil ang maibabahagi sa iyo ng abogado ay sikolohiya, ilan sa mga saykiko niyang pag-aaral, pero ang maibabahagi sa iyo ni Jesus Cristo ay ang Kanyang biyaya at pag-ibig. Hahalili nga Ito sa lahat ng 'yan.

142 Kung may sakit kayo ngayong gabi, kailangan kayong magpasya, kung tatanggapin n'yo ba si Cristo bilang inyong tagapagpagaling, o hindi. Hindi kayo puwedeng magpatumpik-tumpik, mag-aaksaya ng panahon. Kailangan mong sabihin, "Sinasampalatayanan ko Siya," o "Hindi ko Siya sinasampalatayanan." "Gagaling ako," o, "Hindi ko kaya. Wala akong sapat na pananampalataya para gumaling." Kailangan mong gumawa ng desisyon.

143 Kung kayo'y makasalanan, sa gabing ito, kailangan n'yong gumawa ng desisyon. Nasa Kadesh-barnea kayo. Narito kayo sa dako ng luklukan ng kahatulan.

144 Nasaan ang mga mumunting bukal na 'yun? Yun nga ang mga simbahan, na sumasagisag, sa mga daluyan, kung saan ang kahatulan ay nagsisimula sa bahay ng Diyos. Yan mismo ang sinabi ni Jesus. Yan mismo ang sinasabi ng—ng Biblia. Ang

kahatulan ay nagsisimula sa bahay ng Diyos. Narito tayo sa bahay ng Diyos, ngayong gabi, at kailangan n'yong magpasya.

145 Kailangan n'yong magpasya, kung lalapit ba kayo kay Cristo, o kung tatanggihan n'yo Siya ngayong gabi. Bawat may sala rito ay kailangan gumawa ng desisyon ngayon mismo.

146 Kung kayo ba'y lalabas ng pintuang 'yan, na mas mainam nang lalaki o babae kaysa sa nung pumasok kayo, o lalabas kayo na mas masahol pa kaysa sa nung pumasok kayo. Di kayo puwedeng sala sa init at sala sa lamig ngayong gabi. Kailangan may pasya kayo.

147 Ito ang nasa puso ko, ngayon ito'y nasa . . . Nasa puso ko ito kanina, ngayon nasa kamay n'yo na. Kailangan n'yong gumawa ng pasya. At kailangan n'yong magpasya. Marahil isa kayong mabuting miyembro ng simbahan. Marahil matagal na panahon n'yo nang asam-asam na mas naisin pa ang Diyos. Marahil may bagay kayo na gustong gawin para sa Diyos. Alalahanin n'yo, isang beses lang kayo magiging mortal, at ang pagkakataon na 'yan ay ang tanging pagkakataon na kayo'y mortal. At ito na marahil ang inyong panahon para magpasya. Kung kayo ba'y lalapit patungo sa Diyos, o mananatili na lang sa kung nasaan kayo.

148 Marahil ngayong gabi na kayo magpapasya. Kung ganoon, dalangin ko na isasantabi n'yo ang lahat na mawaglit. Alalahanin n'yo, di ko alintana anuman 'yan, kung 'yan man ay trabaho, kung pamilya man, kung mahal man sa buhay, kung mga kasamahan, kung mga katuwang mo man, o kung sino man 'yan, isantabi n'yo nga ang lahat. "Ang humahawak sa araro, at lilingon pa rin sa likod, ay di karapat-dapat sa pag-aararo." Ganoon nga. "Isantabi n'yo namang walang liwag ang bawat pasan at pagkakasalang pumipigil sa inyo." Ano 'yun? "Isantabi n'yo namang walang liwag ang bawat pasan at pagkakasalang pumipigil sa inyo, at takbuhin nang may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan ninyo."

Manalangin po tayo.

149 Makalangit na Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, isinasara ko na po ang munting mensahe na ito, at inihahasik sa puso ng mga tao. Ikaw po na nakatatalos sa puso ng lahat ng mga kalalakihan at lahat ng mga kababaihan, Ikaw na nakatatalos sa puso ng bawat kabataang lalaki at babae, nakatatalos ng puso ng bawat isa. Talos Mo po ang aking puso. Haya't mula sa tumatayo rito sa pulpito hanggang sa tagalinis ng gusali, Panginoon, talos Mo ang puso ng bawat tao. Talos mo kung ano ang pangangailangan namin. Di po namin alam. Ang tanging alam lang namin, ay alam namin na kailangan namin si Jesus.

150 At, Oh Cristong Diyos, Ikaw po ba'y makapapangako (hindi, Panginoon) at tapos ay di naman ito tutuparin? Sinabi Mo,

"Kung saan may dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Aking Pangalan, Ako'y paroroon sa gitna nila. At kung may hilingin sila sa Aking Pangalan, Akin itong gagawin." Grabeng hamon ito sa aming iglesya, Panginoon! Grabeng hamon ito sa aming lipunan! Grabeng hamon ito sa aming mga kapatiran, ngayong gabi, na Iyong ibinigay sa amin! "Kung kayo'y kinulang ng ano man, ay humingi kayo sa Diyos. Kanya itong ipagkakaloob."

151 Ngayon dalangin ko po, Minamahal na Makalangit na Ama, na, ngayong gabi, ay malaya Mong ibuhos ang Espiritu Santo, ng pananalig, at papanaligin ang bawat puso sa kanilang kailangan. At maging ang sa akin, kasama nun, Panginoon, habang Ikaw ay hinihintay namin, sa Pangalan ni Cristo.

152 Ngayon habang ang mga ulo nati'y nakayuko, bibigyan tayo ng kapatid na babae ng tipa sa piyano. Tatanungin ko kayo ng isang katanungan. Marahil ito na ang oras n'yo para magpasya.

153 Ilan po rito, mayroon po bang lalaki o babae, kabataang lalaki o kabataang babae man, na hindi Cristiano, na makasalanan? At may pagnanais kayong magpasya para kay Jesus Cristo, at may nararamdaman kayo na may isang Bagay na kumakatok sa inyong puso sa sandali na ito? Magagawa n'yo bang itaas ang kamay n'yo para sa pagpapasya n'yo, at sabihin, "Ako ngayon ay nagpapasyang maglingkod kay Cristo"? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Mayroon pa po ba? "Ako ngayon ay nagpapasya." Pagpalain ka ng Diyos, munting binibini. Mayroon pa po bang iba? Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod, munting binibini.

154 Mayroon pa po bang iba, na magpapasya na? "Ako ngayon ay maglilingkod kay Cristo. Humantong na ako sa dulo. Humantong na ako sa krisis. Ito na ang oras. Ako'y nasa Kadesh-barnea. Ang Diyos ay nakatayo sa aking puso. Ako kaya'y makatatawid? Magagawa ko bang talikuran ang barkada ko? Magagawa ko bang talikuran ang mga kasamahan kong makasanlibutan? Makakaya ko kayang tumawid sa hangganan sa ibayo, papasok ng lupang pangako na dakong ipinangako ng Diyos? Ako ba'y magiging isang Caleb, ako kaya'y magiging isang Josue, sa kasaysayang ito ng panahon. Ako kaya'y magiging isang Caleb o isang Josue sa mga aklat ng Diyos? O, ako kaya, sa gabing ito, ay aatras dahil sa aking naduduwag, na manilaw-nilaw na katangian at aatras na lang?" Diyos, Iyo pong alisin ang bagay na 'yan mula sa bawat lalaki at babae, at ibunsod sila na makabuo ng desisyon, makapagpasya siya para kay Cristo sa gabing ito. Maitataas n'yo ba ang inyong kamay? Ako. . . Isa pa po. Pagpalain kayo ng Diyos. Nakikita kita riyan sa likod.

155 Mayroon pa po bang iba? Diyan sa labas, magagawa n'yo bang lumapit sa tabi ng bintana sa dako n'yo riyan? At ipatong n'yo ang inyong kamay sa bintana, sabihin, "Magpapasya na

ako para kay Cristo. Ako'y nasa Kadesh-barnea, Kapatid na Branham."

156 Mayroon pa po ba rito na magpapasya na? Mayroon ba riyan na tumalikod sa pananampalataya na magsasabi, "Ako'y magpapasya na, ngayong gabi. Masalimuot ang buhay ng isang masuwayin. Hindi ko na paglilingkuran ang sanlibutan. Mula sa gabing ito, mula ngayon, paglilingkuran ko na si Cristo. Ngayon na ang aking pagpapasya. Itataas ko ang aking kamay. Kaytagal ko nang makasalanan. At dati na akong Cristiano, pero ako'y tumalikod, at inaasam ko na ang Diyos ay mahahabag sa akin."

157 Mayroon ba rito ngayong gabi, na isang Cristiano, na isang lalaki o isang tao ng Diyos, pero matagal na nagpapahapay-hapay kayo, hindi n'yo ginagawa ang sinasabi sa inyo ng Diyos. Lulubog-lilitaw kayo. Nakinig kayo sa mga bagay na di dapat n'yo pinakikinggan. Nakagawa kayo ng mga bagay na di n'yo naman dapat ginawa, at nagnanais kayo na patawarin kayo ng Diyos. At nagnanais kayo ng bagong simula mula sa gabing ito. Hayan nga na magpapasya na kayo para sa Diyos ngayon mismo, at magsasabi, "Akin nang gagawin"? Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw, ikaw. Oh, napaka inam. Sige po.

158 Mayroon pa po ba na magtataas ng kanyang kamay? Gusto kong itaas n'yo ang inyong kamay. Pasya mo 'yan, sa Diyos. Nakikita ng Diyos ang inyong kamay. Sasabihin n'yo, "Ano ba ang mainam na maidudulot n'yan?" Oh, sige't itaas n'yo lang ang inyong kamay ng isang beses, sa Diyos, at tingnan n'yo kung anong naibubunsod nito. Kung itataas n'yo ang inyong kanang kamay, sa mga korte, pagkatapos manunumpa kayo ng kasinungalingan, at tingnan n'yo kung anong mangyayari sa inyo, huhulihin kayo dahil dun. Sige't itaas n'yo ang inyong kamay sa Diyos at kayo ay manumpa, at pagkatapos masdan n'yo ang Espiritu Santo na hindi ba't mahuhuli kayo. Kapag ang Diyos ay nasa pinto na ng inyong puso, kayo nga'y gumawa ng inyong desisyon.

159 Narito na kayo sa Kadesh-barnea. Sa ibayo ay naroon ang bawat pagpapala na ipinangako ng Diyos sa inyo. Sa ibayo ay naroon ang makalumang rebaybal. Naroon ang kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, kaamuan, pagtitiis, na nakalatag na mismo sa harapan n'yo, at ayaw n'yo itong angkinin. Ito'y sa inyo. Ipinangako ito ng Diyos sa inyo. Inaasam n'yo ba ito?

160 Mayroon po bang pamilya rito, na nasa bingit na ng pagkawasak? Kayo nga'y nagtatalo-talo at nagbabangayan sa isa't isa, at alam n'yo na hindi n'yo dapat ginagawa 'yun. Kayo nga'y nahihiya, dahil sa mga ikinilos n'yo sa harap ng inyong asawang babae, o sa inyong asawang lalaki, at ninanais n'yo na ang Diyos, sa gabing ito, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya,

ay bigyan kayo ng biyaya para magtagumpay, na maiakbay n'yo ang inyong bisig sa asawa n'yong lalaki o asawa n'yong babae, at sasabihin, "Mahal, sa biyaya ng Diyos, mula sa gabing ito, ito ang ating desisyon, 'Mamumuhay ako para sa Diyos.'" Itaas n'yo ang inyong kamay. Mayroon po ba riyan na ganitong pamilya? Sige't ang lahat po habang nakayuko ang inyong ulo ngayon. Itaas n'yo lang ang inyong kamay. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Pinasasalamatan ko na wala. Pero kung mayroon, alam ng Diyos kung papaano ayusin ang lahat na mga bagay.

161 Mayroon po ba rito ngayong gabi na may sakit, nang matagal na panahon? At marahil, kayo'y tila ipinanalangin na, pero wala kayong pananampalataya para managumpay. Pero ngayon, haya't kailangan n'yong magpasya. "Panginoong Diyos, mula sa mismong oras na ito, ako'y maglilingkod na sa Iyo. At lalabas ako mula rito, na pinapatotoo ang biyaya ng Diyos, na sa Kanyang mga latay ay ako'y pinagaling. At akin po itong sasampalatayanan, mula sa gabing ito." Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka, at ikaw. Napaka inam. Siyanga. Ipapanalangin ko kayo maya-maya. Hihilingin ko sa Diyos na ipagkaloob ito sa inyo.

162 Iniisip ko nga, ngayong gabi, kung may isa riyan na hindi Cristiano, ang nagnanais na lumapit sa may altar at lumuhod? Bukas ang altar. Kung gusto n'yong manalangin ng hayagang pananalangin sa Diyos, bukas po ang altar. Para sa tumalikod sa pananampalataya o sa taong naliligaw ang landas, sino ka man, ang altar ay bukas. Kayo po'y malugod na tinatanggap. Narito na kayo sa Kadesh. Mayroon nang paghatol. Nakatayo ang Diyos na nakaunat ang bisig, handa.

163 Ang tao na 'yan na may sakit ay nagnanais na tumayo, para hayagang magdeklara sa publiko na kanila nang tinatanggap si Cristo bilang kanilang Tagapagpagaling. At sasabihin, "Mula sa gabing ito, sasampalatayanan ko ang Diyos," at mananalangin ako para sa kanila. Kung mamarapatin n'yo, sige't tumayo lang kayo. Sige.

Tatlo po ang nakatayo. Manatili lang kayong nakatayo, kung maaari.

164 Ngayon, Makalangit na Ama, habang sila'y nakatayo, ang Espiritu Santo'y kanina pang nangungusap. At dalangin ko sa Iyo, Makalangit na Ama, na ang Iyong kaawaan ay maipagkaloob sa lalaking ito, sa kanilang dalawa, at sa babae, at sa isa pang lalaki na ito na nakatayo. Oh Walang Hanggang Diyos, sa latay ng Panginoong Jesus Cristo, sila'y pinagaling na. Diyos, Iyo pong pinababa ito. Ginawa Mong realidad sa mga tao. At dalangin ko. . .Panginoon, sinabi Mo, "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin, maliban na ang Aking Ama'y palapitin siya." At ngayon ang Espiritu Santo'y nangusap sa kanila, at wala nang ibang bagay ang maaaring gawin. Nagpasya na

sila, at ngayong gabi ay tinatanggap Ka nila bilang kanilang tagapagpagaling. At sila'y lalabas ng tabernakulong ito na nananampalataya na sila'y magiging normal at magaling na.

165 Panginoon, hindi nga ito mabibigo, gaya ng kung paano na ang Diyos ay di nabibigo. Napagtatanto namin na walang tao ang hihigit sa kanyang salita. At ngayong gabi, sila po'y nananampalataya at sila'y tumanggap na. At matanggap po nila ito, Panginoon, habang idinadalangin ko ang panalangin na ito ng pananampalataya para sa kanila, sa Pangalan ni Cristo. Amen.

166 Maaari na kayong maupo. Pagpalain kayo ng Diyos. Sampalatayanan n'yo ito nang buong puso n'yo, at ang inyong mga suliranin ay tapos na.

167 Ilan po ang umiibig sa Kanya at nagnanais na magmartsa patungong Sion kasama Siya? Patingin po't itaas n'yo ang mga kamay n'yo. Napaka inam po. Kahit na sa alin pang iglesya kayo nabibilang. Sige.

168 Tumayo na tayo ngayon habang inaawit natin ang *Take The Name Of Jesus With You*. Sige, kapatid na babae, ibigay mo lang sa amin ang . . .

> . . . the Name of Jesus . . .

169 Ngayon bumaling po kayo at sige't makipagkamay sa mga malapit sa inyo. Umabot lang kayo at makipagkamay.

> . . . of woe;
> It will joy and comfort give you,
> Take It everywhere you go.
>
> Oh precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
> Hope of earth and joy of Heaven;
> Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
> Hope of earth and joy of Heaven.

170 Lahat ng umiibig sa Kanya, nang sukdulan, nang buong puso n'yo, nang buong kaluluwa n'yo, nang buong isipan n'yo, nang buong kalakasan n'yo, itaas n'yo ang inyong kamay nang *paganito*, at sabihin, "Purihin ang Panginoon." [Sinasabi ng kongregasyon, "Purihin ang Panginoon."—Pat.] Mainam po. Sige po, ngayon:

> At the Name of Jesus bowing,
> Falling prostrate at His feet,
> King of kings . . .
> When our journey is complete.
>
> Precious Name, O how sweet!
> Hope of earth and joy of Heaven;
> Precious Name, O how sweet!
> Hope of earth and joy of Heaven.

*Sa Kadesh-Barnea* TAG56-0527
(At Kadesh-Barnea)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Mayo 27, 1956 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org